REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

## KAPASIYAHAN BILANG 33

KAPASIYAHAN SA PAGPAPAGAWA NG OPEN CANAL SA MONTILLANO STREET PAPUNTANG AMEX COMPUND SA ALABANG NA NAGKAKAHALAGA NG LIMAMPU'T ANIM NA LIBO LIMANG DAAN ANIMNAPU'T SIYAM AT DALAWAMPU'T LIMANG SENTIMOS. (₱56,569.25)

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang pangunahing layunin ng Sangguniang Bayan ay mapangalagaan ang kaayusan at kagandahan ng bayan;

SAPAGKAT, sa tuwing sasapit ang tag-ulan ang nasabing lugar at mga karatig pook ay lumulubog sa tubig sa dahilang walang matakbuhan o madaluyan;

SAPAGKAT, ang naiipong tubig sa nasabing lugar pagkatapos ng ulan ay pinamamahayan ng lamok at iba pang insekto na nagdadala ng iba't-ibang sakit;

SAPAGKAT, ang nasabing lugar ay malapit sa mga paaralan at ang pagiging dapat na malinis nito araw-araw ay magdudulot ng maayos at malusog na pangangatawan sa mga batang mag-aaral;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay nagkaisa para sa paglalaan ng halagang gugugulin sa pagpapagawa ng open canal sa Montillano st., Alabang na nagkakahalaga ng LIMAMPU'T ANIM NA LIBO LIMANG DAAN ANIMNAPU'T SIYAM AT DALAWAMPU'T LIMANG SENTIMOS. (₱56,569.25).

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan sa kanilang pang labing-siyam (19th) na pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-27 ng Hunyo, 1988.

PINATUTUNAYANG TUTOO:

Atty. JAIME R. FRESNEDI
Pansamantalang Pangulong Opisyal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Hunyo 27, 1988

RRC:vts